



MWSS REGULATORY OFFICE

Ang Metropolitan Waterworks and Sewerage System Regulatory Office (MWSS RO) ay binuo noong Agosto 1997 sa bida ng Concession Agreements na nilagdaan sa pagitan ng MWSS at ng dalawang Konsesyonaryo: Manila Water Company, Inc. para sa East Zone at Maynilad Water Services, Inc. para sa West Zone.

Ang MWSS RO ay tumatayong collegial body na binubuo ng limang (5) Regulators. Ito ay pinamumunuan ng Chief Regulator na may pangkalahatang responsibilidad sa operasyon ng tanggapan, at apat (4) na Deputy Administrators para sa Technical Regulation, Customer Service Regulation, Financial Regulation, at Administration and Legal Affairs.

Mandato ng MWSS RO na subaybayan ang pagtupad ng mga Konsesyonaryo sa kanilang mga obligasyon alinsunod sa Concession Agreement. Kabilang sa mga gampanin ng MWSS RO ay ang pagsusuri, pagsusubaybay, at pagpapatupad ng rates at mga pamantayan sa serbisyo; pagsasaayos at pag-uulat ng independent audits ukol sa pagtupad ng mga Konsesyonaryo sa kanilang mga obligasyon; at pagsusubaybay sa infrastructure assets. Ang mga tungkulin ng MWSS RO ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon para sa mabisang regulasyon ng serbisyonang patubig at alkantariya.



MWSS RO

**"ANG SUPLAY NG TUBIG AY MAY HANGGANAN.
TIPIRIN ITO AT PANGALAGAAN."**

#SaveH2OwithMWSSRO

MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN:

PUBLIC INFORMATION DEPARTMENT



3435-8900



pid@ro.mwss.gov.ph

MWSS REGULATORY OFFICE

**MWSS Compound, Katipunan Road, Balara,
Quezon City 1105**



3435-8900 / 8926-9352



@MWSS.RO



@mwssro



ro.mwss.gov.ph



mwssregulatoryoffice@ro.mwss.gov.ph



MWSS RO

**METROPOLITAN
WATERWORKS &
SEWERAGE
SYSTEM
REGULATORY
OFFICE**



**ANG WASTONG
PAGGAMIT NG TUBIG AY
NAGSISIMULA SA 'YO**

ANG WASTONG PAGGAMIT NG TUBIG AY NAGSISIMULA SA' YO




Alam mo ba na ayon sa World Health Organization (WHO), ang pangunahing pangangailangan sa tubig ng bawat tao ay 60 na litro? Gayunman, ang average na konsumo sa tubig ng bawat tao sa Metro Manila ay nasa 135 na litro kada araw.

Malaki ang epekto ng tuluy-tuloy na suplay ng tubig sa mamamayan, lalo na sa kababaihan dahil sa produktibo at reproduktibong mga tungkulin na kanilang ginagampanan, na kadalasan ay nakasalalay sa tubig (UNESCO, 2015).

Mahalaga na maging wais at responsable tayo sa paggamit ng tubig upang masigurado natin na may tuluy-tuloy at malinis na suplay ng tubig ang ating susunod na henerasyon.

Ang pagsisikap ng bawat isa sa pagtitipid at pangangalaga ng ating yamang-tubig – gaano man kaliit, ay may positibong epekto sa ating kapaligiran. Ang mga sumusunod ay iba-ibang paraan upang makatipid ng tubig sa tahanan, opisina, paaralan, o pampublikong lugar.



- Iksian ang oras ng paliligo
- Isara ang shower o gripo habang nagsasabon, nagsha-shampoo, nagsisipilyo, o nag-aahit; buksan lamang tuwing nagbabanlaw
- Suriin ang bahay para sa tagas ng tubig at agad na ipakumpuni ito
- Gamitin muli ang tubig na pinanligo o pinanlaba para ipang-flush ng inidoro, ipanlinis ng sahig, ipandilig, o ipanghugas ng sasakyan
- Maglaba nang naka-full load; ibabad muna ang mga damit sa tubig ng 20-30 minuto bago labhan
- Hugasan ang mga prutas at gulay sa palanggana ng tubig
- Gumamit ng palanggana ng tubig sa paghuhugas ng pinggan



- Agad na ipaalam sa maintenance staff kung may tumatagas na tubo o gripo upang makumpuni ito
- Kung maaari, isara ang suplay ng tubig sa mga araw na walang trabaho
- Maglagay ng mga paalala sa pagtitipid ng tubig sa mga lugar na madaling makita
- Gamitin ang half flush ng dual flush toilets upang mabawasan ang konsumo sa tubig



- Gumamit ng tumbler o tasa sa halip na uminom mula sa drinking fountain
- Ipaalam agad ang anumang tumatagas na tubig sa kawani ng paaralan
- Gumamit ng walis sa halip na tubig mula sa hose tuwing maglilinis ng bulwagan at mga daanan
- Magkabit ng aerator sa mga gripo sa banyo upang mabawasan ang daloy ng tubig



- Gamitin ang natirang inuming tubig upang ipandilig ng halaman
- Iulat ang mga tagas ng tubig sa mga awtoridad
- Panatilihin malinis ang mga pampublikong lugar upang mabawasan ang paggamit ng tubig sa paglilinis
- Isara ang gripo kapag hindi ginagamit

ALAM MO BA?

- 💡 Makakatipid tayo ng higit sa 10,000 na galon ng tubig kada taon kung pipigilan natin ang mga tagas ng tubig sa bahay
- 💡 Makakatipid tayo ng hanggang 8 na galon ng tubig kada araw kung isasara natin ang gripo habang nagsisipilyo nang dalawang beses sa isang araw
- 💡 Makakatipid tayo ng hanggang 84 na litro ng tubig kada araw kung maghuhugas tayo ng pinggan sa palanggana ng tubig
- 💡 **Magtipid ng tubig** | Sa 80% ng mga tahananang nakakaranas ng kakulangan sa tubig sa buong mundo, ang kababaihan ang nagdadala ng tungkuling mangolekta ng tubig (UN Women, 2015)